



Pangkalahatang
Buod

“Self-Recovery” mula sa mga Sakuna

Perspektiba mula sa iba’t ibang Disiplina

Mga May-akda John Twigg, Emma Lovell, Holly Schofield,
Luisa Miranda Morel, Bill Flinn, Susanne Sargeant,
Andrew Finlayson, Tom Dijkstra, Victoria Stephenson,
Alejandra Albuera, Tiziana Rossetto, Dina D’Ayala

Oktubre 2017



British
Geological Survey
NATURAL ENVIRONMENT RESEARCH COUNCIL

Overseas Development Institute

203 Blackfriars Road
London SE1 8NJ

Tel. +44 (0) 20 7922 0300

Fax. +44 (0) 20 7922 0399

E-mail: info@odi.org.uk

www.odi.org

[www.odi.org/facebook](https://www.facebook.com/odi.org)

www.odi.org/twitter

Readers are encouraged to reproduce material from ODI Working Papers for their own publications, as long as they are not being sold commercially. As copyright holder, ODI requests due acknowledgement and a copy of the publication. For online use, we ask readers to link to the original resource on the ODI website. The views presented in this paper are those of the author(s) and do not necessarily represent the views of ODI.

© Overseas Development Institute 2017. This work is licensed under a Creative Commons Attribution-NonCommercial Licence (CC BY-NC 4.0).

Tungkol sa proyektong ito

“Promoting Safer Building – Using science, technology, communication and humanitarian practice to support family and community self-recovery” (November 2016–July 2017). Magkakasama itong binuo ng Overseas Development Institute (ODI), CARE International UK, University College London (UCL) at ang British Geological Survey (BGS). Ang proyektong ito ay pinondohan ng Global Challenges Research Fund ng Gobyerno ng UK sa pamamagitan ng UK Natural Environment Research Council (NERC), Ref: NE/P016200/1. Nais din naming pasalamatan ang CARE UK Investment Fund sa pagtulong sa proyektong ito.

Mga Pagkilala

Buong pagpapasalamat naming kinikilala ang tulong at suporta para sa pag-aaral na ito ng CARE Nepal, CARE Philippines at ng kanilang “local partners”, para sa pagtulong sa amin sa pagsasaayos ng pagbisita namin sa parehong bansa.

Salamat kay Amy Donovan (King’s College London), Rebecca Nadin at Virginie Le Masson (ODI), Elizabeth Babister (independent researcher) at Katy Mee (BGS) para sa pagsuri ng papel na ito. Nais din naming pasalamatan si John Maher (para sa copyediting), Garth Stewart (para sa pagdisenyo ng papel na ito) at Hannah Caddick at Anna Hickman (ODI) para sa tulong nila sa koordinasyon ng produksiyon ng pag-aaral na ito. Ang Pangkalahatang buod ay isinalin sa Nepali ni Sandesh Ghimire at siniyasat nina Dul Tamang, Santosh Sharma at Umesh Shrestha (CARE Nepal). Ito ay isinalin din sa Tagalog (Pilipinas) ni Nestor Sillano at siniyasat nina Cecilia Sipin, Dennia Amata, Kristine Mae Vicedo, David Gazashvili at Jerome Lanit (CARE Philippines).

Ang buong papel sa paggawa ay makukuha sa: www.odi.org/publications/10963-self-recovery-disasters-interdisciplinary-perspective

Pangkalahatang Buod

Lalo pang pinaigting ng mga “Humanitarian Agencies” ang pagsuporta at paglangkap ng konsepto ng “self-recovery” sa mga programa nitong nakatuon sa pagbibigay-tulong sa mga nasalanta ng sakuna. Sa kabila ng kagustuhan ng mga “partners” at “implementing agencies” na gawing primaryang pokus ng interbensyon sa sakuna ang “agency” at “choice” ng mga nasalanta, ang konsepto ng “self-recovery” ay nangangailangan pa rin ng paglilinaw. Kadalasan itong nakikita sa sektor ng “humanitarian shelter”, sa proseso kung saan ang mga nasalanta mismo o ang mga lokal na manggagawa ang nagkukumpuni at gumagawa ng mga nasira nilang tahanan. Tinatayang nasa 30% lamang ng apektadong populasyon ang naaabot ng suporta sa “household recovery” ng mga internasyonal na ahensya (Parrack et al., 2014). Tampok nito ang hamon sa mga “aid agencies” na itaas ang kaalaman at kakayahan ng mga nasalanta sa paggawa ng mga mas matatag na tahanan.

Ang pagbangon mula sa sakuna ay tinitingnan bilang isang kritikal na proseso sa pagbawas ng panganib at pagsulong sa katatagan o “resilience” (Ievers and Bhatia, 2011). Higit pa rito, ang pagtataguyod at pagtitiyak ng mas ligtas na pagbangon ay matagal nang isinasaalang-alang ng mga “humanitarian actors” na naglalayong mapagtibay ang katatagan o “resilience” sa mga natural na sakuna na kadalasan pang pinalalala ng “climate change”. Ang mga temang ito ay kasama sa mga pokus ng Sendai Framework for Disaster Risk Reduction (2015–2030), at isa sa mga haligi ng “build back better” sa pagbangon, rehabilitasyon, at rekonstruksyon (UNISDR, 2015). Ang terminong “build back better” na unang lumabas noong 2004 matapos ang Indian Ocean tsunami, ay regular nang panawagan sa polisiya at ginawang operasyonal sa ilan pang sumunod na sakuna; kinikilala nito na ang mga lumang nosyon ng “recovery” sa pamamagitan ng pagbalik sa estado ng “pre-disaster” ay nagpapanatili lamang ng mga kondisyon ng kahinaan na lalong nagdudulot ng sakuna. Ang “Building back better” ay tali rin sa pagkilala sa “resilience” bilang isang positibong proseso na may kapasidad na magdulot ng malaking pagbabago (Manyena et al., 2011).

Ang papel na ito ay naglalahad ng mga natuklasan mula sa panimulang pananaliksik na nagsiyasat kung paano itinatayo muli ng mga nasalanta ng sakuna mula sa “low at middle- income” na mga bansa ang kanilang mga tahanan sa mga pagkakataon na kaunti lamang o walang suporta na pwedeng makuha mula sa mga “humanitarian agencies”. Ang pag-aaral na ito ay kolaborasyon ng mga propesyonal mula sa iba’t ibang disiplina kasama na ang mga “social scientists, geoscientists, structural engineers at humanitarian

practitioners”. Pinangunahan ito ng Overseas Development Institute (ODI), sa pakikipagtulungan ng CARE International UK, British Geological Survey (BGS), at University College London (UCL). Ang inisyal na proyektong ito ay hindi lamang nagtampok ng usapin ng “agency” sa “post- disaster response evaluations” kundi nagsaliksik din sa pamamaraan ng “self-recovery”, at kung paanong ang patuloy na pagsuporta dito ay makaaambag sa pagpapalaganap ng pamamaraan sa mas ligtas na pagtatayo ng mga kabahayan. Malawak ang naging saklaw ng pag-aaral. Pinag-aralan nito ang iba’t ibang salik (teknikal, kalikasan, institusyonal, sosyo-ekonomiko) na nakaaapekto sa pagbangon o “self-recovery” ng mga kabahayan sa paglipas ng panahon. Isinalang-alang din nito kung paano maipapaloob ang mas ligtas na pamamaraan ng pagtatayo ng mga kabahayan sa “humanitarian shelter responses”.

Mga Mahalagang Natuklasan

- **Konteksto:** ang pang-gobyero, pangkabuhayan, pangkalikasan at sosyo- kultural na konteksto ay lubhang nakaaapekto sa pagsulong ng “self-recovery”. Ang pagkakaroon at paggamit ng “reconstruction grants” ay naiimpluwensiyahan ng mga kondisyon ng gobyerno. Kadalasang nagaganap ang pagbangon o “recovery” sa mga lugar na may hindi lamang iisang panganib o risiko. Ang mga sosyo-ekonomikong pagkakaiba at maging ang antas ng organisasyon sa komunidad ay may epekto rin sa kakayahan sa pagkamit at paggamit ng mga batayang pangangailangan.
- **“Self-recovery” – mga pansulong at hadlang:** maraming iba’t-ibang mga salik na nakaaapekto sa pangkalahatang pagsulong ng “self-recovery” o pagpigil dito. Kabilang sa mga dahilan ang pabagu-bagong pangangailangan at prayoridad ng kabahayan, kahirapan sa hanap-buhay, “psycho-social” na reaksiyon sa sakuna, at ang antas ng kaalaman at teknikal na kasanayan.
- **Build Back Safer:** ang proseso ng muling pagbuo ng “self-recovery” ay may maraming mukha, kasama na ang masalimuot na pagpapasiya at pagtatakda ng prayoridad ng mga apektadong tao at kabahayan. Naiimpluwensiyahan din ito ng mga panlabas na tulong at regulasyon.
- **Interdisciplinarity:** ang epektibong suporta para sa “self-recovery” ay humihingi na ang mga “humanitarian actors” at iba pang tagapagpaganap ay gumamit ng pinagsama-samang mga kaalaman mula sa iba’t ibang disiplina sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng programa.

Konteksto

Ang papel na ginagampanan ng gobyerno sa pagtugon makaraan ang sakuna ay may malaking epekto sa paraan ng “self-recovery” ng mga taong nasalanta. Sa Nepal, ang kondisyon sa tulong ng gobyerno ay humihingi ng tukoy na paraan sa muling pagtatayo upang makatanggap ng “grant tranches”. Gayunpaman, ang hindi pagkakatatugma ng inaasahang halaga ng gastos para sa gawaing- rekonstruksyon at ang inilaang halaga ng tulong ay nakasagabal sa pagsulong ng muling pagtatayo at “self-recovery”. Kabaligtaran, sa Pilipinas, ang hindi sentralisadong mga sistema ng pamamahagi ng tulong at mas maluwag na mga kondisyon ay nangahulugan na ang tulong- pinansiyal ay mas angkop na nagamit ng mga tumanggap, at kalaunan ay nagtaguyod nang mas mabilis at matagumpay na proseso ng “self-recovery”.

Ang kontekstong pang-kapaligiran ay may malaking impluwensiya sa mga naaabit atistratehiya ng pagbangon. Sa Nepal at sa Pilipinas, ang mga dinalaw na komunidad ay nakaranas ng iba’t-ibang mga panganib. Ang mga magagamit na kalsada, serbisyo, transportasyon ng mga kalakal at teknolohiya ng komunikasyon ay malaki din ang pagkakaiba. Bukod dito, naimpluwensyahan din ng dalas ng mga pangyayaring mapanganib ang pag-unawa sa risiko ng mga komunidad, na nakaimpluwensiya naman sa reaksiyon nila sa sakuna at kalaunan sa kanilang pagbangon. Nagpamalas ng antas ng katatagan o “resilience” ang mga komunidad sa pagtugon sa malimit na panganib (gaya ng mga pagguho tuwing tag-ulan o panahon ng bagyo). Ang mga panganib na hindi gaanong malimit ngunit may matinding epekto gaya ng lindol sa Gorkha at Bagyong Haiyan ay nagbunga naman ng malaking kabawasan sa katatagan sa antas ng kabahayan, at nagdulot nang mas mababang kapasidad ng mga indibidwal na tumugon sa iba’t ibang mga “shocks at stresses” pagkalipas ng sakuna.

Ang kontekstong panlipunan, pangkabuhayan, at pangkultura ay nakakaimpluwensiya sa hindi pagkakapantay-pantay, pagkakaiba ng “access” sa iba’t-ibang impormasyon at serbisyo, agwat ng estado sa lipunan, at maging sa pagkakaiba ng paniniwala ng mga indibidwal na s’ya rin namang nakaaapekto sa kakayahan ng komunidad sa “self-recovery”. Malaki ang impluwensiya ng mga lokal na samahan o organisasyon sa pananaw at pagkilos ng mga indibidwal patungo sa “self-recovery”. Ang tradisyon ng “bayanihan” sa mga Pilipino, at pagkakaisa ay sinasabing may malaking ambag sa pagbangon ng komunidad. Sa Nepal, pangkaraniwan din ang mga pang-komunidad na samahan, hindi man gaanong pormal.

“Self- Recovery” – mga pansulong at hadlang

Ang mga pamilya at komunidad na bumabangon mula sa mga sakuna ay nagtatakda ng mga prayoridad at nagpapasiya batay sa kanilang pangangailangan, kaalaman, at kakayahan. Palagi silang nagpapahayag ng kagustuhan na pangasiwaan ang sariling proseso ng pagbangon. Ang pagkakaroon ng kapangyarihan at karapatang pumili at magmay-ari ay sentral sa konsepto ng pagsuporta sa “self-recovery”. Isang hamon sa mga tumutulong na ahensiya ay kung papano pa mapatataas ang kakayahan at kalayaan sa pagpili. Ang antas ng “access” sa kaalaman at tulong- teknikal ay nakaaapekto rin sa lawak at uri ng pagbangon. Maaari ring magbago ang mga prayoridad sa paglipas ng panahon, iniimpluwensiyahan ang paraan ng pagbangon ng mga pamilya at kabahayan: maaaring maging unang prayoridad ang tahanan sa simula, na mapapalitan ng kabuhayan kinalaunan. Ang isang palagiang tema ay ang pananaw ng komunidad sa pagbangon bilang isang proseso ng kahandaan para sa susunod na sakuna; ang mga kadahilanang gaya ng “trauma” ay nagiging hadlang sa prosesong ito.

Build Back Safer

Sa parehong mga bansa, ang “Global Shelter Cluster”, sa pakikipag-ugnayan ng gobyerno, ay nagtaguyod ng isang serye ng mga mensaheng tinawag na “Build Back Safer” (BBS) para mailangkap ang karampatang pinahusay na mga pamamaraan sa konstruksiyon sa “recovery”. Magkakaiba ang naging pagtanggap sa BBS, depende sa antas ng pagsunod sa mga “building codes” na hinihingi ng gobyerno, ang halaga ng makukuhang pinansiyal na tulong, ang makukuhang mga materyales at tulong- teknikal, at ang lokal na pagkaunawa at prayoridad ukol sa kaligtasan.

Interdisciplinarity

Kasama sa proyektong ito ang mga “engineers, geoscientists, social scientists at humanitarian practitioners”. Sinasalamín nito ang malawak na saklaw ng “humanitarian response” at ang pangangailangan na pagtutulungan ng iba’t ibang sektor para sa mas epektibong pagsuporta sa “self-recovery”. Pinagtibay ng mga natuklasan sa pag-aaral ang pangangailangan para sa pagbuo ng isang istrategiya na may pagsasaalang-alang sa iba’t ibang disiplina para sa mas maayos na programang nakatuon sa pagbangon mula sa sakuna.

Mga susunod na hakbang

Pinalawig ng panimulang pag-aaral na ito ang pag-unawa natin sa “self-recovery” sa pamamagitan ng pagkilala sa ilan sa mga salik at mga kadahilanang nakakaimpluwensya dito, ngunit ang konsepto ng “self-recovery” mismo ay nangangailangan nang higit pang paglinang at paglilinaw. Ang “self-recovery” ay hindi maaaring tingnan na nakabukod mula sa ibang mga aspeto ng pagbangon ng kabahayan at komunidad dahil, gaya ng ipinapakita ng proyektong ito, kinakailangang magkaka-konekta ang mga aspetong ito. Bukod dito, ang termino ay bukas sa iba’t-ibang pakahulugan, depende sa pagkakaiba ng kaalaman, mga karanasan at mga pananaw. May malinaw na pangangailangan sa gawain sa hinaharap na gamitin ang mga paunang natuklasang ito para sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga na salik ng “self-recovery” at ang mga paraan sa pagsuporta dito.

Bilang daan sa mga layuning ito, ang grupong nagsagawa ng proyekto ay pinasimulan ang dalawang kasunod na hakbang:

- **Isang 16-buwan na proyektong- pananaliksik** ang sinimulan, pinondohan ng British Academy, upang madagdagan ang pag-unawa sa “self-recovery” sa kontekstong urban sa bansang Nepal at Pilipinas.¹
- **Isang Global Shelter Cluster working group** ang itinatag, at sa pangunguna ng CARE International ay naglalayong magtaguyod nang “safer reconstruction at self-recovery”. Kabilang sa mahahalagang layunin ang pagtuklas kung paano ito itinataguyod ng mga “humanitarian actors”, at kung papaano pa ito mapauunlad sa hinaharap.

Ang “self-recovery” ay kinikilala bilang isang mahalagang aspeto sa proseso ng pagbangon mula sa sakuna, ngunit nangangailangan pa ito ng paglilinaw para sa mga “humanitarian actors, donors” at maging sa gobyerno. Ang paraan ng pagsuporta sa mga pamilya sa kanilang daan patungo sa “self-recovery” ay may epekto rin sa mayoridad ng mga bumabangon, nagpapataas sa antas ng kaligtasan ng kanilang mga tahanan, at nagpapalakas sa “resilience” nila sa mga “environmental shocks at stresses”.

Ang papel na ito ay isa sa mga pag-aaral na unang naglarawan at umunawa sa proseso ng “self-recovery”, sa pamamagitan ng orihinal at malayang pananaliksik. Itinatampok nito na ang “self-recovery” ay isang hindi maiiwasan at masalimuot na proseso. Ang higit na pag-unawa dito at ang paggawa ng mga “humanitarian actors” ng mga programang sumusuporta sa mga pamilya at komunidad na mapapigting ang kakayahan nilang bumangon ay makakaimpluwensya sa “humanitarian practice” at makaaambag sa “long-term resilience”.

1 ‘Mas Ligtas na “self-recovery”’: pagtataguyod ng matatag na muling pagbuo ng lungsod pagkatapos ng mga sakuna’ (Setyembre 2017–Enero 2019). Pinondohan ng Global Challenges Research Fund sa pamamagitan ng British Academy (Ref. CI170172).

Mga Sanggunian

- Fan, L. (2013) *Disaster as opportunity? Building back better in Aceh, Myanmar and Haiti*. Humanitarian Policy Group Working Paper. London: Overseas Development Institute (www.odi.org/publications/8007-resilience-build-back-better-bbb-aceh-tsunami-cyclone-myanmar-earthquake-haiti-disaster-recovery).
- Ievers, J. and Bhatia, S. (2011) *Recovery as a catalyst for reducing risk*. Report for UNISDR Global Assessment Report. Kobe: International Recovery Programme, 2011 (www.preventionweb.net/english/hyogo/gar/2011/en/bgdocs/Ievers_&_Bhatia_2011.pdf).
- Kennedy, J., Ashmore, J., Babister, E. and Kelman, I. (2008) 'The meaning of "build back better": evidence from post-tsunami Aceh and Sri Lanka', *Journal of Contingencies and Crisis Management* 16(1): 24–36.
- Mannakkara, S. and Wilkinson, S. (2013) 'Build Back Better principles for post-disaster structural improvements', *Structural Survey* 31(4): 314–327.
- Manyena, S.B., O'Brien, G., O'Keefe, P. and Rose, J. (2011) 'Disaster resilience: a bounce back or bounce forward ability?', *Local Environment* 16(5): 417–424.
- Parrack, C., Flinn, B. and Passey, M. (2014) 'Getting the message across for safer self-recovery in post-disaster shelter', *Open House International* 39(3): 47–58.
- UNISDR (2015) *Sendai framework for disaster risk reduction 2015–2030*. Geneva: United Nations International Strategy for Disaster Reduction (www.preventionweb.net/files/43291_sendaiframeworkfordrren.pdf).



ODI is the UK's leading independent think tank on international development and humanitarian issues.

Readers are encouraged to reproduce material for their own publications, as long as they are not being sold commercially. As copyright holder, ODI requests due acknowledgement and a copy of the publication. For online use, we ask readers to link to the original resource on the ODI website. The views presented in this paper are those of the author(s) and do not necessarily represent the views of ODI or our partners.

© Overseas Development Institute 2017.
This work is licensed under a Creative Commons Attribution-NonCommercial Licence (CC BY-NC 4.0).

All ODI publications are available from www.odi.org

Cover photo: Alejandra Albuerno, 2017

Overseas Development Institute
203 Blackfriars Road
London SE1 8NJ
Tel +44 (0) 20 7922 0300
Fax +44 (0) 20 7922 0399